**International Journal of Research Studies in Education**
2024 Volume 13 Number 15, 147-153




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Panaghoy ng mga maralita: Sipat-suri sa mga isyung panlipunan na nakapaloob sa akda ni Rogelio Ordoñez

Concepcion, Wally ✉
*Leyte Normal University, Philippines (wallyconcepcion16@gmail.com)*
Acala, Michell T.
*Leyte Normal University, Philippines (michellet_acala@lnu.edu.ph)*

**Received**: 19 September 2024 **Revised**: 15 October 2024 **Accepted**: 20 October 2024
**Available Online**: 20 October 2024 **DOI**: 10.5861/ijrse.2024.24839

***Abstract***

Oppression is considered a stigma in the society which affects Filipinos' mental, physical, and emotional well-being. Relative to this is the alarming situation of each Filipino family who strive to elevate life from poverty. Addressing this societal issue remains a great challenge while continuously aiming for a balanced society. This research is a qualitative type of study using the content analysis method to analyze and assess the critical role played by the elements of the short story in highlighting the thought and spirit of the work entitled "Inuuod na Bisig sa Tiyan ng Buwaya" by Rogelio Ordoñez which was written in the '60s. The researchers comprehensively analyzed the literary piece to emphasize the morale and concepts that can raise awareness among Filipino people. The analysis revealed the significant and vital role of the elements of the short story, specifically the character, theme and symbolism used by the author to form its general overview of the problem. The literary work emphasized several societal themes that are still present in the modern era, including the mistreatment of workers, the abuse of power by those in positions of authority, and the payment of poor salaries in exchange for workers' awful labor. According to the study's findings, a specific plan and project should be implemented to reduce the percentage of the Filipino population living in poverty. Examples of such projects include land reforms, a boost to the nation's economy, increased business activity, and a reduction in the country's inflation rate to help the poor with their everyday needs.

***Keywords:*** poverty, social issues, symbolism, farmers, workers

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Panaghoy ng mga maralita: Sipat-suri sa mga isyung panlipunan na nakapaloob sa akda ni Rogelio Ordoñez

## 1. Introduksyon

Patuloy na nakikipagbuno at nakikipagsapalaran ang mga maralita sa lipunang nababalot ng kahirapan sa pagnanais na maririnig ng mga tao na nasa rurok ang kanilang samo't saring daing at hinanaing. Tila ba ang lahat ay pumapalaot sa iisang karagatan ngunit iba-iba ang mga bangka na gamit sa paglalayag. Tanging may mga kapangyarihan at kayamanan lamang ang nakararanas ng karangyaan sa buhay habang ang mga mahihirap naman ay hindi makakalas sa tanikala ng pagkalugmok. Batay sa datos ng OCTA Research (2023), mas lumobo patungong 50% ng pamilyang Pilipino o tinatayang 13.2 milyong katao ang nakararanas ng matinding kahirapan sa taong 2023. Patunay na marami pa rin ang mga tao sa lipunan na nabibilang sa laylayan at hindi makawala sa gapos ng karukhaan na dulot ng maraming salik.

Ang maikling kuwento na pinamagatang *"Inuuod na Bisig sa Tiyan ng Buwaya"* na isinulat ni Rogelio Ordoñez noong dekada '60 ay tumatalakay sa pagsisikap na pinagdadaanan ng mga maralita makaahon lamang sa kahirapan at kanilang tala ng mga karanasan sa kamay ng ganid at sakim sa kapangyarihan na mga tao. Dagdag pa, kaakibat din nito ang pakikibaka nila upang ipaglaban ang karapatan at isulong kung ano ang nararapat. Ang mga isyung panlipunang ito ay patuloy pa rin na nasasalamin sa kasalukuyang panahon kung kaya nananatili ang kabuluhan at papel na ginagampanan ng pagsusuring ito. Ang may-akda na si Rogelio Ordoñez na kilala rin bilang "Ka Roger" ay isang premyadong manunulat na nagtamo ng maraming gantimpala tulad ng Gantimpalang Liwayway sa paglikha ng nobela, Gantimpalang KADIPAN sa pagsulat ng maikling kuwento at sanaysay at Gawad Balagatas bilang isang batikang mamamahayag sa Pilipinas.

Sa Pilipinas, ang kakulangan sa iba't ibang klase ng mapagkukunan at karapatan ng mga indibidwal ay siyang pangunahing sanhi ng kahirapan. Kapag maging salat ang mga tao sa mga mahahalagang ari-arian o *asset* na ito tulad ng *human capital, financial capital, natural, social at inforxmational capital* ay magdudulot ito ng suliraning pangkahirapan (Cerio, 2019). Dagdag pa, ayon sa *Asian Development Bank* (2022), ang nangungunang isang porsyento ng mga kumikita ang nagkakaroon ng benepisyo at nakakuha ng 17% sa *national income* ng bansa. Samantala, 14% lamang ang nakukuha ng mga taong mababa kung kumita na tinatayang 50% ng populasyon. Nangangahulugan lamang na magkaiba ang oportunidad na naibibigay para sa mga mayayaman kumpara sa mga mahihirap. Katunayan, batay sa pananaliksik nina Valenzuela et al. (2023), dulot ng kahirapan na dinaranas ng pamilyang Pilipino ay nagkakaroon sila ng kakulangan sa pagkain, malnutrisyon, *child mortality*, at mga suliraning pangkalusugan. Binigyang-diin din ng *Outreach International* (n.d.) na pati ang edukasyon ng mga bata na nabibibilang sa mahihirap na pamilya ay apektado sapagkat ang kanilang oras na gugugulin sa pag-aaral ay ipangtratrabaho na lamang nila upang matustusan ang mga pangangailangan. Dahilan kung bakit nagnanais ang mga maralita na marinig ang kanilang mga panaghoy at makaranas ng pantay na pagtrato sa lipunang kinabibilangan.

Kaya naman, kakikitaan ng kabuluhan at kahalagahan ang pagsusuring ito lalo sa lipunang kinabibilangan ng mga tao dahil matatalakay ng manunuri kung ano-ano ang mga implikasyon ng kahirapang dinaranas ng mga maralita sa lipunan. Masisipat sa akda ang iba't ibang salik na nagiging ugat kung bakit hindi nakararaos sa kahirapan ang ilang pamilyang Pilipino tulad ng lamang ng mga indibidwal na nagtratrabaho sa ilalim ng mga ganid na amo.

Ang pagsusuring ito ay nakasalig sa mga teoryang marxismo, realismo at arkitaypal. Sa pamamagitan ng mga teoryang ito ay matatalakay ang mga elemento sa akda partikular ang mga tauhan, tema at simbolismo at masisipat ang mga isyung panlipunan na masasalamin sa akda tulad ng isyu sa pamamahala at iba't ibang isyu ng mga manggagawa. Ang pagsusuring ito ay nakatuon sa paggalugad ng iba't ibang isyung panlipunang

kinakaharap ng mga tao na masasalamin sa akda. Partikular ang mga salik na nagiging ugat ng kahirapan, mga isyu sa paggawa at mga posibleng epekto at impluwensiya nito sa mga tao. Dagdag pa, ang walang humpay na paglaban para sa karapatan ng mga nasa laylayan ay hindi matatapos kung hindi malawakan ang pagbabago mula sa itaas patungong ibaba. Hindi man marinig ang tinig ng mga maralita ngayon ngunit darating ang panahon na hindi na kailangang isigaw pa nila ang bawat haluyhoy ng pighati sa lipunan.

***Layunin ng Pag-aaral -*** Ang maikling kuwento ni Rogelio Ordoñez ay sumasalamin sa iba't ibang isyung panlipunan na kinakaharap ng mga maralita. Tinitiyak ng pagsusuri na ito na matalakay ang mga sumusunod: Elemento, tauhan, tema, simbolismo, Isyung panlipunan na masasalamin sa akda, mga isyu sa pamamahala, at mga isyu ng manggagawa.

## 2. Metodolohiya

Ang pagsusuring ito ay isang kwalitatibong uri ng pag-aaral na gumagamit ng *content analysis* upang matalakay at masuri ang mga elemento at mga isyung panlipunang kinakaharap ng mga maralita na masasalamin sa akda. Magsisilbing tiyak na hakbang ang mga sumusunod:

**Unang Hakbang. Elemento.** Sa bahaging ito, binigyang-tuon ng manunuri ang pagtatalakay sa mga elemento ng akda partikular ang tauhan, tema at simbolismo. Sa pamamaraang ito, ginamit ang teroyang marxismo upang masiyasat ang papel ng mga tauhang mayroong mabigat na ginampanan sa akda na nagpapakita ng tunggalian sa pagitan ng mga mahihirap at mayayamang tao. Samantala, ginamit naman ang teoryang realismo upang suriin ang temang nakapaloob sa akda na masasalamin sa reyalidad. Pinalitaw naman ang mga simbolismong nakatago sa akda ng manunuri gamit ang teoryang arkitaypal upang ipahayag ang totoong aral ng maikling kuwento.

**Ikalawang Hakbang. Isyung Panlipunan.** Sa bahaging ito, binigyang-diin ang pagsusuri sa mga isyung panlipunang lumitaw sa akda partikular ang mga isyu sa pamamahala at isyu ng mga manggagawa. Sa pamamaraang ito, ginamit ang teoryang realismo upang matuklasan ang mga suliraning kinakaharap ng mga maralita sa akda na masasalamin sa reyalidad.

## 3. Mga resulta at pagtalakay

***Elemento ng Maikling Kuwento -*** Ang maikling kuwento ay may kalakip na mga kasangkapan na makatutulong upang bigyang-buhay at mas mapalitaw ng may-akda ang nais ipahiwatig nito sa mga mambabasa. Tinatawag itong elementong pampanitikan na nagsisilbing kasangga ng mga manunulat upang maging makulay at makabuluhan ang isang maikling kuwento nang sa gayon ay makapag-iwan ito ng kakintalan para sa lahat.

***Tauhan -*** Kulang sa kulay at pampalasa ang isang maikling kuwento kung wala itong tauhan na magbibigay-buhay sa diwa o sa paksang binibigyang-tuon ng may-akda.

**Talahanayan 1**
*Tauhan*

| Tauhan | Pagpapakahulugan |
|---|---|
| Lino Fajardo | Inilalarawan ang mga taong mahihirap o nasa laylayan na nakikipagsapalaran para lamang ipaglaban ang karapatan ngunit patuloy na naiipit sa gapos ng karukhaan dahil sa sistemang nakadisenyo para sa mayayaman. |
| Mga trabahador | Inilalarawan ang mga taong patuloy na nagtratrabaho sa iba para matustusan ang pangangailangan ng pamilya o para sa sariling kapakanan kahit na limitado lamang ang benepisyong nakukuha. |
| Mr. Cruz | Inilalarawan ang mga taong mayayaman o nasa rurok na gahaman sa kapangyarihan at patuloy na nang-aapi sa mga mahihirap na tao dahil sa taglay na pag-aari. |

**Lino Fajardo.** Siya ang pangunahing tauhan sa maikling kuwento na sumasagisag sa mga taong maralita o nasa laylayan. Isa siyang masipag na magsasaka na naninirahan sa palayan at ang tanging kabuhayan lamang ng kaniyang pamilya ay ang pagsasaka. Ang karakter ni Lino Fajardo ay isang representasyon ng mga taong mahihirap o nasa *low class* na kahit ano man ang gawin ay hindi pa rin makaahon sa kahirapan. Sinubukan niya na ipagtanggol ang kasamahan at ang sariling pamilya sa pagpapalayas sa kanila sa palayan sa pamamagitan ng hindi pagsunod sa kagustuhan ng Kabesa (mensahero ng taong bumili ng buong palayan) ngunit sa kasamaang palad ay wala itong nangyari.

> *"Maawa kayo sa amin, Kabesa. Ipakiusap n'yong huwag muna kaming paalisin dito. 'Ala po kaming malilipatan agad. Saka ang aanihin namin sa taong 'to ang s'ya po lang naming inaasahan. Ma'wa po kayo sa amin, Kabesa."*

Batay sa artikulo ni Divina (2023), ang *low-income class* ay bumubuo ng malaking bahagi ng populasyon ng Pilipinas, na nahaharap sa mga hamon sa ekonomiya at limitadong *pag-access* sa mga mapagkukunan. Kasama sa klase na ito ang mga indibidwal at pamilyang may katamtamang kita.

**Mga trabahador.** Sila ang mga taong kasamahan ni Lino Fajardo sa pabrika na nagtratrabaho para kay Mr. Cruz at Mr. White. Ang kanilang karakter ay sumasagisag sa *working-class* sa lipunan na patuloy na naiipit sa pagtratrabaho para lamang matustusan ang pangangailangan ng pamilya o para sa sariling kapakanan. Ang karakter ng mga trabahador sa maikling kuwento ay sumasagisag sa mga taong nabibilang sa *working-class* ng lipunan na kung saan tuloy-tuloy ang daloy ng trabaho para sa nakatalagang layunin, mapa-personal man ito o ibang aspekto. Ipinaliwanag ni Pineda (2022) sa kaniyang artikulo na ang tunay na kaluluwa at buto ng lipunang ito ay ang mga taong nabibilang sa *working-class* na kumikita ng sapat para mabuhay ngunit hindi para umunlad. Ang mga taong may trabaho, binubuwisan ng gobyerno, at napipilitang mamuhay sa mga suweldo na hindi tumataas habang bumababa ang kapangyarihan nito sa pagbili.

**Mr. Cruz.** Siya ang tauhan na kinikilala bilang mata at tainga ng dayuhan na may-ari ng pabrika na si Mr. White. Kagaya ng kaniyang amo, siya rin ay isang strikto, walang-awa, tuso at marahas na tao na sumasagisag sa mga taong makapangyarihan na may kakayahang magkaroon ng sapat na benepisyo sa sariling kapakanan. Siya ay mailalarawan bilang isang makapangyarihang tao na ang pananaw sa mga mahihirap na indibidwal ay isang laruan lamang na mayroong pakinabang sa kanilang sistema. Ang karakter ni Mr. Cruz ay mailalarawan bilang representasyon ng mga tao na mayroong kapangyarihan kagaya ng mga taong nasa *upper class* na baguhin ang kalagayan ng sariling buhay o kapakanan ng ibang tao.

***Tema -*** Ang maikling kuwento ay nagtataglay ng kabuluhan at saysay dahil sa temang angkin nito. Ito ang pangkalahatang kaisipan na nais ipalitaw ng may-akda para sa mga mambabasa upang makapagbigay ng gintong-aral, kakintalan at makapagmulat ng kamalayan.

**Talahanayan 1.2**
*Tema*

| Tema | Pagpapakahulugan |
|---|---|
| Kahirapan | Tumutukoy sa isang naghihirap na estado o kalagayan ng isang bansa o lipunan upang tugunan ang pangangailangan sa pang-araw-araw na pamumuhay. |
| Kawalan ng Karapatan ng mga Magsasaka | Tumutukoy sa panlulupig at pangmamaltrato sa mga magsasaka tulad ng pag-agaw ng lupang palayan. |

**Kahirapan.** Lumitaw sa akda ang temang kahirapan na kung saan walang sapat na kakayahan ang pangunahing tauhan na tustusan ang pang-araw-araw na pangangailangan para sa pamilya. Ang paghihirap ng mga tauhan sa maikling kuwento ay masasalamin sa reyalidad na kung saan ang mga Pilipino ngayon ay kulang ang kakayahan na suportahan ang kanilang sarili at pamilya. Binigyang-diin naman ng Gerson (1998) na ang kahirapan sa Pilipinas, tulad ng sa karamihan ng mga bansa, ay may posibilidad na nauugnay sa mababang antas ng edukasyon para sa mga pinuno ng mga sambahayan at may malaking sukat ng pamilya.

**Kawalan ng Karapatan ng mga Magsasaka.** Masasalamin sa akda ang panlulupig sa karapatan ng mga magsasaka lalo pa't sila ay inagawan ng lupa sa palayan na hindi sumusunod sa tama at pormal na proseso. Sa kasalukuyang panahon, hindi rin lingid sa kaalaman ng mga tao na ang mga magsasaka ay patuloy na nakikipagbuno para sa kanilang karapatang pantao. Kasaysayan mismo ang patunay hanggang sa *massacre* noon ng mga magsasaka magpahanggang ngayon sa pagpapatayo ng mga industriya at pabrika sa mga mayayamang kalupaan ng mga magsasaka.

***Simbolismo -*** Likas sa mga manunulat ang paggamit ng mga simbolismo sa isang maikling kuwento upang mabigyan ito ng mas mayamang aral na maibibigay sa mga mambabasa. Ang simbolismo ay tumutukoy sa mga ordinaryong bagay, tao o pangyayari sa isang akda na mayroong mas malalim o natatanging kahulugan upang lumawak din ang diwa nito.

**Talahanayan 1.3**
*Simbolismo*

| Simbolismo | Pagpapakahulugan |
|---|---|
| Lupa | Ito ay sumisimbolo sa buhay at pag-asa ng mga tauhan. |
| Makina | Ito ay sumisimbolo sa pagkawasak o pagkagiba ng pangarap at buhay ng mga tauhan. |
| Uod | Ito ay sumisimbolo sa pahirapang paggapang ng mga tauhan tungo sa pinakaaasam-asam sa buhay. |

**Lupa.** Ang lupa ay sumisimbolo sa pag-asa at buhay ng mga tauhan sa maikling kuwento. Sa unang bahagi ng kuwento, ginamit ng may-akda ang salitang lupa upang ipakita at ipadama sa mga mambabasa na ito ang sagisag ng kanilang pagkakaroon ng kapayapaan, pagkakaisa at kaunlaran sa buhay. Tahimik at masayang naglalaro ang mga bata sa lupa na tila ba walang problemang iniinda. Ginamit din ng manunulat ang lupa upang ipahayag ang pagkagalak ng mga tao sa pagsasaka na kahit ito ay mahirap at kinakailangan ng pawis at sakripisyo ay nagagawa pa rin nilang maging bukal sa loob ang pakiramdam nito.

**Makina.** Ang makina ay sumisimbolo sa pagkawasak o pagkagiba ng mga pangarap ng mga tauhan sa kuwento. Ginamit ng may-akda ang makina bilang isang bagay na babaliktad sa mundo ng bawat magsasaka sa akda. Ang kanilang mayamang lupang sinasakahan ay binawi, binungkal, at giniba dahil sa itatayong panibagong pabrika sa lugar na iyon ng isang dayuhan. Ang dating lupa na simbolo ng pag-asa at buhay ng mga tauhan sa maikling kuwento ay naging abo na lamang at nagpatangay na lamang sa kung saan hindi ito matatanaw ng mga tauhan.

**Uod.** Ang uod ay sumisimbolo sa pahirapang paggapang ng mga tauhan sa maikling kuwento tungo sa pinakaaasam-asam na pangarap at katayuan sa buhay. Ginamit ng may-akda ang uod bilang representasyon sa buhay na dinanas ng pangunahing tauhan sa kuwento na si Lino Fajardo matapos pumasok sa pabrika sa ilalim ng pamamahala ni Mr. Cruz at Mr. White. Ang akala nilang ikagiginhawa ng kanilang buhay ay tuluyang naging mabagal ang usad kagaya ng isang uod.

***Pagsusuri sa Isyung Panlipunan -*** Talamak saan mang sulok ng bansa ang iba't ibang isyu at suliraning panlipunan na kay hirap bigyang solusyon kahit sa mga nagdaang henerasyon. Ang isyung panlipunan ay tumutukoy sa krisis at problemang kinakaharap ng mga tao sa iba't ibang sektor ng lipunan tulad sa agrikultura, edukasyon at marami pang iba. Palaging pamilyar sa mga Pilipino ang samo't saring hamon na sumusubok sa kalagayan at estado ng bawat isa.

***Isyu sa Pamamahala -*** Hindi na bago sa pandinig ang iba't ibang isyu sa pamamahala sapagkat nag-iibang anyo agad ang mga tao kapag nakakatikim na ng kapangyarihan lalo pa kung siya ay sakim o ganid dito. Ang isyu sa pamamahala ay tumutukoy sa mga suliraning kinakaharap ng mga maralita sa ilalim ng mga tusong amo o mga taong nasa posisyon.

**Talahanayan 2.1**
*Isyu sa Pamamahala*

| Isyu sa Pamamahala | Pagpapakahulugan ayon sa Lipunang Pilipino |
|---|---|
| Pag-abuso sa Kapangyarihan | Tumutukoy sa abusadong paggamit ng kapangyarihan tungo sa ikabubuti ng sariling kapakanan ngunit ikasasama naman ng nakararaming tao na nasasakupan. |
| Pangmamaltrato | Tumutukoy sa hindi maayos na pagtrato at mababang pagtingin sa mga taong nasasakupan ng kapangyarihan ng isang indibidwal. |

**Pag-abuso sa Kapangyarihan.** Masasalamin sa akda ang pag-abuso ng kapangyarihan ng mga dayuhang amo sa mga trabahador nito sa pabrika lalong-lalo na sina Lino at ang kasamahan nito. Ang pag-abuso sa kapangyarihan ay nababanaag pa rin sa reyalidad, sa mga nagdaang panahon o henerasyon at pati na rin sa kasalukuyang panahon. Kagaya ng kalagayan ng mga tauhan sa kamay ng mga tuso at tiwaling amo, marami rin sa mga manggagawang Pilipino ang nabibitay at napipiit sa ganitong sitwasyon para lamang matustusan ang pangangailangan ng kanilang pamilya. Batay sa aklat na Mga Mahahalagang Katotohanan Tungkol 1972-1986 (2023), ginagamit ng mga may makapangyarihang tao tulad ng mga dinastiyang pamilya ang kanilang sariling kapangyarihan at impluwensiya upang mas yumaman at para na rin sa sariling kapakanan.

**Pangmamaltrato.** Masasalamin sa akda ang pangmamaltrato ng mga dayuhang amo sa mga trabahador nito sa loob ng pabrika. Ang ganitong sitwasyon o kalagayan ay patuloy na nasasalamin sa reyalidad at hindi matapos-tapos. Sa paningin ng mga taong makapangyarihan, ang isang tao ay para lamang isang gamit at kanilang halaga ay hahaba at magtatagal lamang sa panahon base sa pakinabang na iyong naibibigay para sa kanila. Batay sa isang artikulo ng Respcio & Co (2023), ang panliligalig at pananakot sa lugar ng trabaho ay tumutukoy sa anumang hindi kanais-nais at nakakasakit na pag-uugali na nakadirekta sa isang empleyado na lumilikha ng isang pagalit o nakakatakot na kapaligiran sa pagtatrabaho. Maaaring kabilang dito ang pasalitang pang-aabuso, kahihiyan, pagbabanta, mapang-abusong pananalita, at hindi patas na pagtrato, bukod sa iba pang mga aksyon.

***Isyu ng mga Manggagawa* -** Marami ang mga isyu na mayroong kaugnayan sa mga manggagawa na kahit sa kasalukuyang panahon ay hindi pa rin nabibigyang-solusyon. Ang isyu ng mga manggagawa ay tumutukoy sa mga hamon o suliraning kinakaharap ng mga manggagawa na nauugat sa kapaligiran o kalikasan ng kanilang trabaho o sa mga ganid na amo.

**Talahanayan 2.2**
*Isyu ng mga Manggagawa*

| Isyu ng mga Manggagawa | Pagpapakahulugan ayon sa Lipunang Pilipino |
|---|---|
| Mababang sahod | Tumutukoy sa hindi sapat na pagbibigay ng suweldo sa mga manggagawa kapalit ng kanilang serbisyong ibinibigay sa isang larangan o industriya. |

**Mababang sahod.** Saan mang panig ng mundo, maraming mga manggagawa ang nakararanas ng mababahang sahod sa kanilang trabaho kapalit ng kanilang sakripisyo, pagod at serbisyong ibinibigay sa isang industriya o larangan. Ang ganitong kalagayan ay parehong makikita sa maikling kuwento at sa totoong buhay. Si Lino at ang kasamahan niya ay walang magawa kundi tanggapin na lamang ang mababang pasahod ng kaniyang mga dayuhang amo para ipangtustos o ipangbili ng pangangailangan sa pang-araw-araw na pamumuhay. Sa artikulo ng Ibon Foundation (2023), ibinunyag na ang mga manggagawang Pilipino at ang kanilang mga pamilya ay halos hindi nabubuhay sa minimum na sahod dahil mas mababa pa ito sa opisyal na *threshold* ng kahirapan para sa isang pamilyang may limang miyembro.

## 4. Kongklusyon at rekomendasyon

### *4.1 Kongklusyon*

**Elemento.** Ang akda ni Rogelio Ordoñez ay nakitaan ng mga elementong nagpalitaw sa tunay na diwa at kaisipan ng makiling kuwento partikular ang tauhan, tema at simbolismo. Una, ang tauhan sa akda ay nagpakita ng malaking agwat sa iba't ibang *social class* partikular ang mga taong nabibilang sa *lower class, working class at upper class*. Pangalawa, ang mga temang ginamit ng may-akda ay patuloy pa ring nasasalamin sa totong kaganapan sa buhay, kagaya ng kahirapan at kawalan ng karapatan ng mga magsasaka. Pangatlo, lumutang sa akda ang mga simbolismong ginamit ng may-akda para mapayaman pa ang maikling kuwento patikular ang lupa bilang pangarap, makina bilang pagkawasak at uod bilang paghihirap.

**Isyung Panlipunan.** Nakitaan ng mga isyung panlipunan ang maikling kuwento na nasasalamin sa reyalidad partikular ang pag-abuso sa kapangyarihan, pangmamaltrato at mababang pasahod para sa mga manggagawa.

### *4.2 Rekomendasyon*

Nirerekomenda ng manunuri ang pagkakaroon ng konkretong plano at proyekto ng kasalukuyang administrasyon upang maibsan ang porsyento ng kahirapan na dinaranas sa Pilipinas ng maraming tao. Tulad ng pagpapaigting ng mga negosyo sa bansa, pagpapausad ng ekonomiya at pagpapababa ng *inflation rate* upang matustusan ang mga pangangailangan sa pang-araw-araw ng mga maralita. Nirerekomenda rin ng manunuri ang pagkakaroon ng *land reforms* para sa mga magsasaka na kanila namang matagal nang isinisigaw sa mga nagdaang pamahalaan. Dagdag pa, nirerekomenda rin ng manunuri ang pangangalaga sa mga manggagawa sa pamamagitan ng pagbibigay ng sapat na sweldo, proteksiyon at benepisyo dahil sila naman ang kaluluwa ng ekonomiya.

## 5. Sanggunian


Asian Development Bank (2022). Poverty Data: Philippines. Asian Development Bank. https://www.adb.org/where-we-work/philippines/poverty

Cerio, C. (2019). Revisiting the Sociological Theories of Poverty: Conceptualizing a Framework for Rural Poverty in the Philippines. Transatlantic Journal of Rural Research. p. 36. https://doi.org/10.5281/zenodo.2612927

Divina, A. (2023). Understanding Social Classes in the Philippines. Digido.

Gerson, P. (1998). Poverty and Economic Policy in the Philippines. International Monetary Fund. vol 35.

IBON Foundation. (2023). PH minimum wages are family poverty wages. IBON Foundation.

Mga Mahahalagang Katotohanan Tungkol 1972-1986. (2023). Human Right. Violation Victims' Memorial Commision. p. 3.

Octa Research (2023). 13.2 million Families consider themselves poor. Octa Research.

Outreach International. (n.d.). The State of Poverty in the Philippines: What Are the Causes? Outreach International Organization.

Pineda, J. (2022). The Philippine Working Class: The Backbone of the Economy. HubPages.

Respicio & Co. (2023). Workplace Harassment and Intimidation in the Philippines. Respicio & Co.

Valenzuela, J., Narito, R, R., Asor, N., & Onsay, E. (2023). Comprehensive Poverty Evaluation of Rural Communities in the Philippines: Empirical Evidence from Community-Based Monitoring System (CBMS) and Econometric Modeling. Technoarete Transactions on Economics and Business Systems. p. 5.